OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 9-13-23 Time: 11:45

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-123

**"KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN AT LUMAGDA SA ISANG MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT LANDBANK OF THE PHILIPPINES NA NAUUKOL SA MODERNISASYON NG PASILIDAD NG PAMAHALAANG BAYAN UPANG MAKAPAGBIGAY NG MABILIS AT EPEKTIBONG ALTERNATIBONG SERBISYONG PANGKOLEKSYON NG PAGBABAYAD PARA SA KANILANG MGA KLIYENTE."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T**, naghain ng kahilingan ang Punong Bayan na mabigyang pahintulot na lumagda sa isang *memorandum of agreement* sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at Landbank of the Philippines;

**SAPAGKA'T**, ang kasunduang ay nauukol sa modernisasyon ng pasilidad ng pamahalaang bayan upang makapagbigay ng mabilis at epektibong alternatibong serbisyong pangkoleksyon ng pagbabayad para sa kanilang mga kliyente;

**SAPAGKA'T**, sa masusing pag-aaral ng Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan ay napatunayang ang kasunduang ito ay lubos na makakatulong sa mga mamamayang Bustosenyo at iba pang mga mamamayan na nagsasagawa ng negosyo sa bayan ng Bustos na mapabilis ang pagbabayad ng mga *transactional fees and charges* na kailangang mabayaran sa Lokal na Pamahalaan upang makaabot sa mga takdang oras at makaiwas sa mga *penalties*.

**KUNG KAYA'T**, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang pamahalaang bayan at lumagda sa isang *memorandum of agreement* (moa) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at Landbank of the Philippines na nauukol sa modernisasyon ng pasilidad ng pamahalaang bayan upang makapagbigay ng mabilis at epektibong alternatibong serbisyong pangkoleksyon ng pagbabayad para sa kanilang mga kliyente.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-4 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

## SERTIPIKASYON:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-4 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim